## IKALAWANG PAMANAHUNANG PAGSUSULIT
# EDUKASYON SA PAGAPAKATAO 2

NAME________________________________ ISKO___________
DATE ________________________________

I. Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay wasto at **Mali** kung di wasto.Isulat ang sagot sa patlang.

__________1. Masaya kong tinatanggap ang aking pinsan sa aming tahanan.

__________2.Sinasabihan ni Mario nang masaskit na salita ang kanilang kapitbahay na mahirap.

__________3. Nagtatago ako sa silid–tulugan kapag may bisitang dumadalaw sa amin.

__________4. Pinahihiram ko ng lapis ang kamag-aral kong walang lapis.

__________5. Tinutulungan ko ang aking kaklase kung nahihirapan siya sa mga gawaing pampaaralan.

__________6. Ang mga kalaro ko namayayaman ang pinapapasok ko sa aming bahay.

__________7. Hinaharot ko ang kamag-aral ko na pilay dahil maiksi ang isang paa niya

II. Panuto: Isulat sa bilang **8-11** ang magagalang na pananalita.

8. ________________________________

9. ________________________________

10. ________________________________

11. ________________________________

**III. Panuto: Basahin ang mga sitwasyon sa Hanay A. Piliin ang katumbas na magagalang na pananalita sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.**

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 12. Wala kang baon, hinatian ka ng iyong. kamag-aral. Ano ang iyong sasabihin? | a. Walang anuman |
| 13. Nagpasalamat ang iyong kalaro sa pagtulong mo sa kanyang makatayo dahil nadapa siya. Ano ang iyong isasagot | b. Pakikiraan |
| 14. May mga batang nag-uusap sa tapat ng pinto ng inyong silid- aralan. Lalabas ka ng inyong silid-aralan, ano ang iyong sasabihin | c. Magandang umaga din |
| 15. Binati ka ng iyong kaibigan ng magandang umaga. Ano ang iyong isasagot. | d. salamat |

**IV. Panuto:** Piliin ang letra ng wastong sagot. Isulat ang sagot sa patlang

________ 16. Nadapa ang kamag-aral mong si Red kaya nilapitan mo siya upang _______.
a. tawanan b. tulungan c. galitan d. iiyakan

________ 17. Nasunugan ng bahay ang isa mongkamag-aral. Ano ang gagawin mo?
a. Pagtatawanan ko siya c. Bibigyanko siya ng damit.
b. Tutuksuhinko siya. d. Bibigyan ko ng alahas

________ 18. Darating na ang trak, nahihirapang magdala ng maraming sako ng basura ang dyanitor ng paaralan. Ano ang iyong gagawin?

a. titingnan ko siya  b. sisigawan ko siya  c.tutulungan ko siya  d. ningitian ko siya

_______ 20. Maagang kang nakauwi ng bahay. Nakitamongabala ang iyong nanay sa likod-bahay. Pagpasok mo ng kusina nakita mong madaming hugasin. Ano ang gagawin mo?

a. Papasok ako ng aking kwarto at matutulog
b. Hihintayin kong dumating ang aming guro.
c. Kusa kong huhugasan ang mga hugasin
d. Sasabihin ko sa aking nanay na may pupuntahan ako

________ 21. Nauna kang pumasok sa silid-aralan. Nakita mong madumi pa ang loob. Ano ang gagawin mo?

a. Lalabas ako at makikipaglaro
b. Hihintayin kong dumating ang aming guro.
c. Kusa akong maglilinis ng aming silid-aralan.
d. Panonoorin ko sila

________ 22. Sa labas ng simbahan, marami kang nakitang mga batang lasangan ang nanlilimos. Ano ang gagawin mo?

a. Tutuksuhi ko silang mga pulubi.  c. Magiliw ko silang kakausapin at bibigyan ng limos.
b. Pagtatawanan ko sila.  d. Maiiyak akosa awa sa kanila

________ 23. May palatuntunan sa inyong paalaran. Punuan na ang bulwagan. Walang kang mapwestuhan. Nakita mo ang halaman. Ano ang gagawin mo?

a. Sa halamanan ako pupwesto.  c. Hahanap ako ng magandangpwesto
b. Sisigaw ako sa gitna  d. Palalayasin ko ang mga nanunuod

_________24. May kaklase kang pilay na nahihirapang umakyat ng hagdan. Ano ang gagawin mo?

a.Tatawanan ko siya.  c. Aalalayan ko siyang umakyat ng hagdan.

-------------25 Tapos na ang inyong klase at lalabas ng silid-aralan ang guro Ano ang sasabihin mo?

a . Magandang tanghali po.
b. Paalam na po, mahal naming guro
c. Paumanhin po.
d. Pauwiin na ninyo kami

________26.May palatuntunan sa inyong paaralan. Nauna kayong dumating kaysa sa mag- aaral sa kindergarten kaya kayo ay nasa unahan. Napansin mong nahihirapang manood ang

pinakamaliit na bata sa iyong ikuran. Anong hakbang ang iyong gagawin?

a. Magpatuloy sa panonood at huwag pansinin ang bata sa iyong likuran.
b. Sabihan ang batang maliit na lumipat ng puwesto.
c. Pagalitan ang bata na huwag magpapahuli sa susu
d. Lumipat ng ibang puwesto upang makapanood ng maayos ang bata

_______ 27. Bumibigkas sa loob ng inyong silid-aralan ang kamag-aral mo. Nagkataong may nalimutan siyang linya ng tula. Kung ikaw ay nanood, ano ang gagawin mo?

a. Pagtatawanan ko ang aking kamag-aral  c. Sasabihan ko siyang umupo na.
b. Tatahimik ako at hihintaying maalala niya ang tula  d.Ako na lang ang tutula

_______ 28. Ang isang kaklase mo ay medyo may diprensya sa paglalakad. Maikli ang kanang paa niya. Ano ang dapat mong gawin?

a. Aalalayan ko siya sa paglakad.  c. Pagsasabihan ko siyang bilisan niya ang paglakad
b. Gagayahin ko ang paglalakad niya  d. Uunahan ko siya sa paglakad

______29. Tapos na ang inyong klase at lalabas na ng silid-aralan ang guro. Ano ang sasabihin mo?

a. Magandang tanghali po.
b. Paalam na po, mahal naming guro
c. Paumanhin po.
d. Pauwiin na ninyo kami

________30. Nakita mong napapagod ang iyong guro at marami pa siyang ginagawa. Ano ang gagawin mo?

a. Mag-iingay ako.  c. Magkakalat ako sa loob ng silid-aralan.
b. Susundin ko ang mga ipinapagawa niya.  d. Maglalaro